# Supplemental Security Income (SSI) sa California

## Ano ang nasa loob


Ano ang SSI? 1

Medikal na tulong 2

Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) 2

Iba pang mga social service (serbisyong panlipunan) 2

Buwanang halaga ng kabayaran ng SSI 2

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 3


## Ano ang SSI?

Ang Supplemental Security Income (SSI), ay isang pederal na programa na nagkakaloob ng buwanang mga cash na kabayaran sa mga taong nangangailangan. Ang SSI ay para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda pa, at pati na rin sa mga bulag o may kapansanang tao sa anumang edad, kasama na ang mga bata.

Para maging kuwalipikado para sa SSI, kailangan ay mayroon kang kakaunti o walang kita at kaunting mapagkukuhanan ng salapi. Ang halaga ng mga bagay na pagmamay-ari mo ay dapat na mas mababa sa $2,000 kung ikaw ay single o mas mababa sa $3,000 para sa mga kasal na magkasama sa tirahan. Hindi namin isinasama sa kuwenta ang halaga ng iyong tirahan kung hindi ka nakatira dito, at karaniwan, hindi namin binbilang ang halaga ng iyong kotse. Maaaring hindi rin namin isama sa pagkuwenta ang halaga ng ilang mga pinagkukuhanan ng salapi, tulad ng burial plot.

Para makatanggap ng SSI, kailangan mo rin mag-apply para sa mga benepisyo kung saan maaaring karapat-dapat para sa iyo. Kailangan ay nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands para makakuha ng SSI. Kung hindi ka mamamayan ng Estados Unidos, ngunit legal na naninirahan sa Estados Unidos, maaaring makakuha ka pa rin ng SSI. Para sa karagdagan impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI) for Noncitizens (Supplemental Security Income o SSI para sa Mga Di Mamamayan)* (Publication No. 05-11051-TL).

Ang estado ng California ay nagdadagdag ng pera sa pederal na bayad. Ang isahang bayad na makukuha mo sa umpisa ng bawat buwan ay may kasamang parehong pederal na bayad sa SSI at ang iyong supplement mula sa California.

## Medikal na tulong

Kung makakuha ka ng SSI, karaniwan ay makakakuha ka ng medikal na tulong (Medi-Cal) nang awtomatiko. Hindi kinakailangan ang isang hiwalay na application sa Medi-Cal. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan para sa health o human services sa county.

## Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)

Ang mga taong nakakakuha ng SSI sa California ay hindi makakakuha ng mga benepisyo ng SNAP, na dating kilala bilang mga food stamp, dahil sa halip ay nagdadagdag ang estado ng pera sa pederal na SSI.

Gayunman, maaari kang makakuha ng mga benepisyo ng SNAP:

- Habang hinihintay mo ang desisyon sa iyong application sa SSI;
- Kung ang iyong application para sa SSI ay tinanggihan;
- Kung lumipat ka ng estado; o
- Simula Agosto 2016, sa loob ng mga buwan kung saan ang mga bayad mo sa SSI ay panandaliang nahinto o nasuspinde.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng health o human services sa county.

## Iba pang mga social service (serbisyong panlipunan)

Ang mga indibiduwal na kuwalipikado para sa SSI ay madalas na karapat-dapat para sa mga karagdagang programa at serbisyo na ipinagkakaloob ng kaninlang lokal na tanggapan para sa health o human services sa county. Maaaring kasama pa sa ibang mga serbisiyo o benepisyong ito ang:

- Isang espesyal na allowance para sa mga assistance dogs para sa mga taong bulag o may kapansanan;
- Ilang mga domestic at personal na pag-aalaga na serbisyo na ipinagkakaloob sa mga karapat-dapat na mga taong mas nakakatanda, bulag, o hindi magawa ang mga serbisyong ito nang mag-isa, at iyong mga hindi ligtas na makapanatili sa kanilang mga sariling tirahan maliban na lang kung ipinagkakaloob ang nasabing mga serbisyo; at
- Pamprotektang serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng health o human services sa county.

## Buwanang halaga ng kabayaran ng SSI

Ang talaan sa ibaba ay naglilista ng mga pinagsamang pederal at pang-estadong ibinabayad na halaga. Hindi lahat ng mga tumatanggap ng SSI ay nakakakuha ng maximum na halaga. Ang iyong bayad ay maaaring mas mababa kung may iba ka pang kita.

| **Kategorya** | **total na buwanang bayad sa taong 2018** | | |
|---|---|---|---|
| ***Mga Single*** | ***May edad o mas nakatatanda*** | ***May kapansanan*** | ***Bulag*** |
| Independent ang katayuan sa pamumuhay | $910.72 | $910.72 | $967.23 |
| Di Medikal na wala sa tirahan na pangangalaga | $1,173.37 | $1,173.37 | $1,173.37 |
| Independenteng ang katayuan sa pamumuhay, walang mga pasilidad sa pagluluto | $997.04 | $997.04 | Hindi Angkop |
| Naninirahan sa sambahayan kasama ng iba | $664.24 | $664.24 | $720.76 |
| May kapansanan na menor de edad na bata | | $815.15 | |
| May kapansanan na menor edad na bata sa sambahayan ng iba | | $568.67 | |
| ***May edad o may kapsanan na mga couple*** | | | |
| Independent ang katayuan sa pamumuhay | $1,532.14 | | |
| Di Medikal na wala sa tirahan na pangangalaga | $2,346.74 | | |
| Independenteng ang katayuan sa pamumuhay, walang mga pasilidad sa pagluluto | $1,704.77 | | |
| Naninirahan sa sambahayan kasama ng iba | $1,162.41 | | |
| ***Mga bulag na couple*** | | | |
| Independent ang katayuan sa pamumuhay | | | $1,683.19 |
| Naninirahan sa sambahayan kasama ng iba | | | $1,313.46 |
| hindi medical na wala sa tirahan na pangangalaga. | | | $2,346.74 |
| ***Bulag na tao na may edad o may kapansanan na asawa*** | | | |
| Independent ang katayuan sa pamumuhay | | | $1,625.65 |
| Naninirahan sa sambahayan kasama ng iba | | | $1,255.92 |
| Di Medikal na wala sa tirahan na pangangalaga | | | $2,346.74 |
| ***Naninirahan sa isang Medicaid na Pasilidad*** | | | |
| Mga Single | $51.00 | $51.00 | $51.00 |
| Couple | $102.00 | $102.00 | $102.00 |

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-11125-TL | January 2018
Supplemental Security Income (SSI) sa California
Supplemental Security Income (SSI) in California (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito